

Ang dapat mong malaman tungkol sa pag-screen sa kanser sa bituka

Ano ang kanser sa bituka?

Ang kanser sa bituka ay kanser ng bituka (ibabang bahagi ng digestive system) o rectum (ang dulong 6 na pulgada ng bituka). Kilala rin ito bilang colorectal cancer. Ito ang isa sa mga pinakakaraniwang kanser na ikinamamatay ng mga tao sa Ontario. Gayunpaman, kung matutukoy nang maaga ang kanser sa bituka, magagamot ang 9 sa 10 taong may sakit na iyon.

Nagsisimula ang kanser sa bituka mula sa mga abnormal na pagtubo sa lining ng bituka o rectum, na tinatawag na mga polyp. Hindi nagiging kanser ang lahat ng polyp, ngunit maaaring maging kanser ang ilang polyp sa paglipas ng panahon.

Ano ang pag-screen sa kanser?

Ang pag-screen sa kanser (pagpapasuri para sa kanser) ay pagsusuring isinasagawa sa mga taong nanganganib na magkaroon ng kanser ngunit walang sintomas at maayos ang pakiramdam sa pangkalahatan.

Ang ColonCancerCheck ay isang programa ng pag-screen sa Ontario na humihikayat sa mga taong nanganganib na magkaroon ng kanser sa bituka na regular na magpa-screen para sa sakit na ito.

Sino ang dapat magpa-screen para sa kanser sa bituka?

Nagsi-screen ang ColonCancerCheck ng 2 grupo ng kwalipikadong tao: ang mga average ang panganib na magkaroon ng kanser sa bituka, at ang mga malaki ang panganib na magkaroon ng kanser sa bituka.

Average ang panganib: Mga taong nasa 50 hanggang 74 na taong gulang, at walang magulang, kapatid, o anak (mga malapit na kamag-anak) na nagkaroon ng kanser sa bituka.

Kung average ang panganib mo, dapat kang magpa-screen sa pamamagitan ng **fecal immunochemical test (FIT)** bawat 2 taon simula sa edad 50.

Malaki ang panganib: Mga taong nagkaroon ng 1 o higit pang magulang, kapatid, o anak (mga malapit na kamag-anak) na may kanser sa bituka.

Kung malaki ang panganib mo, dapat kang magpa-screen sa pamamagitan ng colonoscopy simula sa edad 50, o mas maaga nang 10 taon kaysa sa edad na na-diagnose sa kanser sa bituka ang iyong malapit na kamag-anak, alinman ang mas maaga. Nakadepende ang dalas ng pagpapa-screen mo sa edad na na-diagnose ang iyong malapit na kamag-anak.

Makipag-usap sa doktor o nurse practitioner ng iyong pamilya tungkol sa pagpapa-screen.



Ang fecal immunochemical test (FIT) ay pagsusuring nakabatay sa dumi

Paano ako kukuha ng FIT?

Makipag-usap sa doktor o nurse practitioner ng iyong pamilya upang malaman kung para sa iyo ang FIT.

Kung walang doktor o nurse practitioner ang iyong pamilya, maaari kang kumuha ng FIT sa pamamagitan ng pagtawag sa Telehealth Ontario sa 1-866-828-9213.

Kung nakatira ka sa isang First Nation na komunidad, maaari kang makipag-ugnayan sa iyong sentro ng kalusugan o istasyon ng nars para sa higit pang impormasyon.



Ontario Health
Cancer Care Ontario

Magagamot ang 9 sa 10 tao kung matutukoy nang maaga ang kanser sa bituka.

Paano ako magpapa-screen para as kanser sa bituka?

Fecal immunochemical test (FIT)

Sinusuri ng FIR kung may kaunting dugo ang iyong dumi (tae), na maaaring dulot ng kanser sa bituka o iba pang uri ng mga polyp.

- Ligtas at hindi masakit ang FIT
- Magagawa ito sa bahay at aabutin lang ng ilang minuto
- Kailangan mo lang mangolekta ng 1 sample ng dumi
- Maaari kang kumain at gumamit ng mga gamot gaya ng karaniwan
- Libre ang FIT para sa mga kwalipikadong tao sa pamamagitan ng programang ColonCancerCheck
- Maaaring ipadala ang FIT sa address na pipiliin mo

Nangangahulugan ang isang abnormal na resulta ng FIT na may dugo sa iyong dumi. Kapag may dugo sa iyong dumi, hindi kaagad ibig sabihing mayroon kang kanser. Kakailanganin mong kumuha ng colonoscopy upang malaman ito.

Colonoscopy

Ang colonoscopy ay isang pagsusuring isinasagawa sa isang ospital o klinika na nagbibigay-daan sa isang doktor na tingnan ang lining ng buong bituka upang makita kung may problema. Sa pagsusuri, may ipapasok ang doktor na mahaba at flexible na tubo na may maliit na camera sa bituka at rectum.

Ang colonoscopy ay para sa mga taong may abnormal na resulta ng FIT, o mga taong malaki ang panganib na magkaroon ng kanser sa bituka dahil nagkaroon sila ng 1 o higit pang magulang, kapatid, o anak (mga malapit na kamag-anak) na mayroon ng sakit na ito. Hindi inirerekomenda ang pag-screen sa pamamagitan ng colonoscopy para sa mga taong average ang panganib.

Anu-ano ang mga sintomas at problemang dulot ng kanser sa bituka?

Karaniwang walang sintomas o problema ang mga tao sa simula ng sakit. Habang lumalaki ang kanser sa bituka sa paglipas ng panahon, maaaring magsimula ang mga sumusunod na sintomas o problema:

- Kaunting red blood cell (anemia) dulot ng kanser na nagdurugo
- Dugo (matingkad na pula o maitim na maitim) sa dumi (tae)
- Hindi maipaliwanag na pagbabawas sa timbang
- Pagbabago sa gawi sa pagdurumi (bago at paulit-ulit na pagtatae o paninigas ng dumi) o pakiramdam na parang hindi nababakante nang husto ang bituka
- Bago at paulit-ulit na kawalan ng ginhawa sa tiyan

Kung nagkakaroon ka ng alinman sa mga sintomas o problemang ito, makipag-usap sa doktor o nurse practitioner ng iyong pamilya.

Paano ko mapapaliit ang panganib na magkaroon ako ng kanser sa bituka?

- Magkaroon ng malusog na timbang ng katawan
- Maging pisikal na aktibo bilang bahagi ng pang-araw-araw na buhay
- Kumain ng diet na may maraming fiber (kabilang ang mga gulay, prutas, at whole grain)
- Limitahan ang pulang karne at subukang hindi kumain ng processed meat (hal. bologna, salami)
- Limitahan ang alak
- Huminto sa paninigarilyo at paggamit ng mga produktong tabako
- Kumain o uminom ng mga produktong may gatas o alternatibong mayaman sa calcium
- **Regular na magpa-screen para sa kanser sa bituka**

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pag-screen ng kanser sa bituka, pakibisita ang: cancercareontario.ca/colon

Kailangan mo ba ang impormasyong ito sa accessible na format?

1-877-280-8538, TTY 1-800-855-0511, info@ontariohealth.ca

PCC4200